# *Pasimula At Katapusan Ng Dispensasyong Gentil*

Magandang gabi, mga kaibigan. Lubos ang pasasalamat ko na makaparito, ngayong gabi, uli. Kagagaling ko lang po rito, kani-kanina lang. Sa palagay ko, mga bandang alas kuwatro ako natapos. At pagkatapos ako'y. . .umalis para makipagkita sa ilang mga kaibigan. At bumalik, nang limang minuto matapos ang alas siyete, kinailangan ko ngang bumalik. Kaya parang naghahanap pa ako ng teksto, Kapatid na Neville.

2 Pero, ngayon, mayroon lang pong kahilingan na itinawag, mula sa isang taga-Chattanooga, Tennessee, isang mahal sa buhay na naaksidente tatlong linggo na ang nakararaan, at nakaratay nang wala pa ring malay, siyanga. At humihiling sila ng panalangin dito, mula sa iglesya. At. . .

3 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Kapatid na Bill?"—Pat.] Ano po 'yun, kapatid? ["Puwede ba akong mag-anunsyo?"] Sige lang po. Kapatid na Neville, lumapit ka lang. ["Pasensya na, Kapatid na Bill."] Ayos lang, po. ["Muntikan ko na pong makalimutan. Nangako ako na may iaanunsyo ako ngayong gabi." Blangkong bahagi sa teyp.]

4 Tayo'y—tayo'y nangusap noon patungkol kay Melquisedec, kung Sino Siya, at di pa natin 'yun nadadakuan na maigi. Pero siguro, sa susunod na pagpunta ko rito, dadako tayo mula roon, dito pa rin sa Aklat ng Mga Hebreo.

5 Pero, ngayong gabi, bumuklat tayo sa Aklat ni Daniel. At kayo po na may mga Biblia, bumuklat kayo sa Daniel 12. At magbabasa lang tayo ng kaunti mula roon, at mangungusap, marahil, tungkol sa ilang Salita ng Diyos mula sa Aklat ni Daniel.

6 Ngayon, si Daniel ay isa sa. . .ay propeta na binihag mula Jerusalem, papuntang Babilonia, noong panahon na 'yun ng pagdadala sa Babilonia, ni Haring Nabucodonosor. Si Daniel nga'y isang kabataang lalaki nung panahon na 'yun na dinala siya sa Babilonia. Hindi ganoong karami ang nanghahawakan noon sa dakila't dati nang pananampalataya.

7 Gustung-gusto ko nga si Daniel, dahil siya. . .inilagay niya 'yun sa puso niya, na sa pagpunta man niya sa Babilonia, ay mananatili siya na isang mananampalataya, at hindi niya dudungisan ang kanyang sarili sa mga haing-pagkain ng hari, at iba pa. Ngayon, may mahalagang bagay dun. . .

8 Haya't si Daniel ay propeta sa mga Gentil. Nakita ni Daniel ang buong kapanahunang Gentil na bumangon at bumagsak. Siya ang kauna-unahan, gaya ng masasabi natin, na propeta ukol sa mga Gentil. Hindi siya Gentil, mismo. Pero nakita niya ang dispensasyong Gentil, mula simula hanggang wakas; dun sa ulong ginto, at nagtapos sa paa na may bahaging bakal at bahaging putik na luto.

9 At habang naroon, nilayon niya sa puso niya na hindi niya dudungisan ang kanyang sarili sa mga haing-pagkain ng hari, at sa pamumuhay ng hari.

10 At may isa pang grupo ng mga kapatid dun, ang pangalan ay Sadrach, Mesach, at Abednego, na naroon kasama nila; na hindi mga propeta, pero mga mananampalataya. At sila, rin, ay naglayon sa puso nila. At pagkatapos kapag ang apat na mananampalatayang 'yun ay nagsasama-sama, nakikinita kong madalas, nagkakaroon sila ng pagtitipon para sa pananalangin nang sama-sama.

11 Gaya natin, nagsasama-sama tayo dahil may mga bagay na pareho sa atin. Alam n'yo, may lumang kasabihan na ang sabi, "Ang mga ibon na pareho ang balahibo'y magkasamang nagtitipon," at 'yun ay, isang lumang kawikaan, ang ibig kong sabihin, at isa nga 'yung mainam na bagay, rin. Ang mga ibon na pareho ang balahibo'y magkasamang nagtitipon. Hindi po ba't ikinagagalak n'yo 'yan? Tunay. Ang mga ibon na pareho ang balahibo'y magkasamang nagtitipon.

12 Di pa katagalan, nakaupo ako sa isang pagtitipon, kung saan may lalaki dun na may tinatalakay siya. At sabi niya, "Buweno. . . " tinatalakay niya ang tungkol sa mga kaluluwa na napunta sa bilangguan, o nasa bilangguan, na pinuntahan ni Jesus at pinangaralan, pagkatapos ng Kanyang kamatayan. At nangungusap ang lalaking ito, sabi, "Buweno, ano sa tingin n'yo?"

13 Tapos may itim na kapatid na tumayo. Sabi niya, "Buweno, 'yun ang sinasabi ng Biblia. 'Nagpunta Siya at nangaral sa mga kaluluwa na nasa bilangguan.'"

Sabi, "Ano sa palagay mo 'yun?"

14 Sabi, "Yun ay 'Mga kaluluwa na hindi nagsisi, sa pagpapahinuod ni Noe, habang ang daong ay inihahanda,' gaya ng sinabi ng Biblia."

15 Sabi niya, "Hindi." Sabi, "Itong iglesya 'yun, na nangangaral sa mga Pentecostal na nandito sa mga denominasyon at lahat, inaakay sila palabas ng bilangguan."

16 Sabi niya, "Ngayon, tingnan mo rito, kapatid," sabi niya, "Hindi naman nabanggit ang Pentecostal dito." Sabi niya, haya't, "Kanyang sinabi lang, na, 'Nagtungo Siya at nangaral sa mga kaluluwa na nasa bilangguan.'"

Kaya sabi ko, "Amen. Tama 'yan."

17 Tapos tumingin ang ministro sa akin, at sabi, "Ang mga ibon na pareho ang balahibo'y magkasamang nagtitipon."

18 Sabi ko, "Tama po, ang magkakapatid na may parehong pagpapahalagang Pananampalataya, ay sumasampalataya sa kung ano ang sabihin ng Kasulatan na Katotohanan."

Si Daniel ay may ganoong tatlong kasamahan dun.

19 Alam n'yo, napakainam po, kapag malayo ka sa tahanan, tapos makakahanap ka ng mga tao na makakasama mo, 'yung tao na mananatili sa tabi mo, isang tunay na kalugud-lugod na kaibigan. Oh, ang ganda! Sa banyagang mga lupain, kapag makahanap ka ng isang tao na gustong maging kaibigan mo, at minamahal ka at mananatili sa tabi mo, napakahalaga nun; lalo na't di mo kakilala.

At ang mga kapatirang ito'y binihag din mula sa kanilang bayan.

20 At ang bayan nila'y sinunog. At lahat ng mga sisidlan nila, at mga sagradong bagay ng Diyos, ay dinala sa Babilonia, at inilagay dun sa bahay-imbakan ng kayamanan ni Haring Nabucodonosor, na nagdala sa kanila roon, isang makapangyarihan, na bantog na haring Gentil. Ngayon, kung—kung ipinahintulot 'yun ng Diyos, na ang bayan nila'y sunugin, ang kanilang simbahan ay sunugin, at bihagin sila mula sa siyudad, ay dahil sila'y napalayo sa Diyos.

21 Pero Siya'y may mananampalataya pa rin na mapapamahalaan Niya ng Kanyang mga kamay, at sasabihin, "Ito ang Aking lingkod."

22 Ang Diyos ay may saksi sa tuwina, saanmang dako. Hindi Niya pinababayaan ang Kanyang Sarili na walang saksi. Kahit na, isa na lang mismo ang natira, mangyari nga na mayroon at mayroon Siyang sinuman sa tuwina na mapapamahalaan Niya ng Kanyang mga kamay, at sasabihin, "Ito ang Aking lingkod, at gagawin niya ang bagay gaya ng pagkakasabi Ko sa kanya." Ngayon, gustung-gusto natin 'yun.

23 Pansinin n'yo, heto, na nung ang mga kapatiran na 'yun ay naroon, sila'y sinubok mismo.

24 Isang mainam na halimbawa ng pinagdadaanan ng isang tunay na mananampalataya kapag tunay na tinanggap niya ang Panginoong Jesus bilang kanyang Tagapagligtas. Lagi siyang pinadadaanan sa isang pagsubok. Si Satanas nga'y nariyan pa rin na abalang-nanunubok. At dumarating man 'yan ay para kayo pa nga'y itaguyod. Mabuti 'yun para sa inyo.

25 "Bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangan na masubok, mapalo, mahampas," sa madaling sabi, "mabigyan ng kaunting paghahagupit, pagtutuwid. At kung binibigyan tayo ng

Diyos ng pagtutuwid, at di natin matanggap 'yun, kung ganoon ay lumalabas na mga anak tayo sa labas, at hindi anak ng Diyos."

26 Ngayon, ang isang tao na tunay na nakatuon sa Langit, kahit na ano pang mangyari sa kanya rito sa lupa, siya'y nakatuon at nakatuon pa rin sa Langit. Talikuran man siya ng kanyang mga kaibigan. Talikuran man siya ng kanyang pamilya. Talikuran man siya ng kanyang pastor. Pero may Isa na hindi siya tatalikuran; ang Diyos 'yun. At kapag ang diwa n'yo nga'y buong-buo mismo ang pasya! Gustung-gusto ko 'yun.

27 Sinunog ni Daniel ang lahat ng kone-koneksyon niya. Wala siyang planong bumalik, kahit kailan. Hindi na niya sinisilip ang tinahak niya sa likuran niya. Sa harap siya nakatuon, na ang lahat ng mga bagay sa nakaraan ay tinalikuran na. Nagtutumulin siya tungo sa mithiin ng dakilang pagtawag. Yun mismo ang dapat nating ginagawa. Yun dapat ang ginagawa ng Iglesya.

28 At gaya nga ng napansin ko, heto, pinapahintulutan ng Diyos si Satanas na bigyan si Daniel ng pagsubok. At, oh, sinubok nila sila, sa gawi ng apoy. Sinubok nila sila, gayundin, sa gawi ng kulungan ng mga leon. At sa bawat sandali, inilabas sila ng Diyos, na mas higit pang mapanagumpay.

29 "Marami ang pagsubok ng matuwid, pero inililigtas siya ng Diyos mula sa lahat ng ito." Grabeng kahanga-hanga! Tunay na pinasasalamatan natin 'yan nang lubos. Mga pagsubok, mga pagdurusa, mga pagsubok, ang lahat na ito'y kumikilos para sa ikabubuti! Paglaon, makikita ng Diyos na mailalagak Niya ang Kanyang pagtitiwala sa inyo, at pagkatapos Siya'y gagawa ng dakilang mga bagay para sa inyo.

30 Ngayon nalaman natin, heto, na si Daniel ay naging isang instrumento sa kamay ng Diyos, noong siya'y malayo sa sarili niyang mga kababayan, malayo sa sarili niyang bayan, malayo sa sarili niyang simbahan, sa isang dayuhang lupain, haya't ginamit siya ng Diyos.

31 Ngayon, marahil kayo'y malayo sa lahat ng kung anuman. Malayo kayo marahil sa lahat ng mga mahal n'yo sa buhay, o malayo kayo sa inyong iglesya, pero maaari pa rin kayong maging isang instrumento sa mga kamay ng Diyos. Magagamit kayo ng Diyos bilang isang patotoo o kung anuman na naisin Niya na gamitin kayo.

32 Kaygagandang mga halimbawa! Ang Biblia nga'y punung-puno ng mga bagay na gaya n'yan, saanman kayo bumuklat. Hindi ba't gustung-gusto n'yong basahin ang Salita? Oh, kapag binabasa ko po Ito, minsan nga, haya't napapaiyak ako.

33 Dito mga ilang araw pa lang ang nakararaan, nagbabasa ako sa loob ng silid doon, at di ko mapigilang maupo na lang at umiyak na parang sanggol. Tumayo ako at naglakad-lakad sa tabi ng silya ko, inilagay ko ang kamay ko sa sandalan ng silya

ko, tumingin ako sa Biblia ko uli; talagang napahagulgol ako. Naglakad-lakad ako sa tabi ng silya uli, tumingin ako uli. Sa isip-isip ko, “Oh Diyos, diyan nga’y nakapaloob ang Buhay na Walang Hanggan, sa bawat lalaki o babae na maglalakas-loob na ilagak ang kanilang pagtitiwala Rito, at sampalatayanan Ito.” Buhay na Walang Hanggan!

34 At ang sabi Niya, “Saliksikin n’yo ang mga Kasulatan, sapagkat sa loob Nito’y mapagkikilala mo na may Buhay ka na Walang Hanggan, at Itong mga Ito ang nagpapatotoo ukol sa Akin.” Saliksikin n’yo ang Kasulatan.

35 “Ang Salita ng Diyos ay ilawan sa ating paa,” na tayo—na tayo ay magabayan, mismo. Ito’y Liwanag na tumutugaygay sa daan na magdadala sa atin mula katagumpayan hanggang katagumpayan.

36 Ngayon, bago kayo magkamit ng pananagumpay, kailangan na may pakikibaka muna. At kung walang pakikibaka, walang mga katagumpayan. Kaya marapat lamang na magpasalamat tayo sa mga pakikibaka at mga pagsubok, at ang Diyos ’yun na nagbibigay sa atin ng oportunidad na magkamit mismo ng mga katagumpayan. Oh, grabe! Hindi ba’t nagbubunsod ’yan ng mas kainaman sa inyo ngayon? Kita n’yo? Darating ang pakikibaka; may magsasabi sa inyo ng masasamang bagay; may sakit na dadapo sa inyo. Marahil ibinibigay sa inyo ng Diyos ang katamtamang mga karamdaman na ’yan, nang sa gayon Kanyang pagalingin kayo at ipakita sa inyo ang pagtangi Niya, ipakita sa inyo kung anong nilalayon Niya rito, na iniibig Niya kayo.

37 Tulad nung matandang kuwento tungkol sa pastol na sinasaysay dun sa Jerusalem, sa banal na mga lupain, tungkol sa isang pastol na bitbit-bitbit ang isang—isang tupa. At may isa na ang sabi, “Bakit mo ’yan bitbit-bitbit?”

Sabi, “Bali kasi ang isang binti.”

Sabi, “Napaano; nahulog ba sa bangin?”

Sabi, “Hindi. Ako mismo ang bumali sa binti.”

38 Sabi nung tao, “Aba, napakalupit mo namang pastol, na babaliin mo ang binti ng tupa na ’yan.”

39 Sabi, “Hindi. Kung tutuusin mahal na mahal ko ito.” Tapos sabi, “Napapalayo kasi, at di ko magawa na sumunod sa akin. Kaya, binali ko ang binti, para mabigyan ko ng karagdagan pang atensyon, nang sa gayon ay iibigin ako nito at susunod sa akin.”

40 Kung minsan, itinutulot ng Diyos na tayo’y mabali, nang kaunti, sa ating kalusugan, para bigyan tayo ng karagdagang atensyon, para mailagay tayo sa Kanyang kandungan, para aliwin tayo sa Kanyang dibdib. Sa panahon na sasabihin ng doktor na wala nang magagawa; mangyari nga na dinadala Niya tayo sa Kanyang dibdib, sasabihin, “Kita mo, iniibig

Kita. Ibubunsod Ko na ikaw ay gumaling." Kita n'yo? Oh, hindi ba't ibinubunsod n'yan na ang buhay ay mas guminhawa nang kaunti? Oh, dakila Siyang talaga! Siya'y kahanga-hangang Pastol. Siya nga di po ba?

41 Hindi nakapagtatakang sinabi ni David, "Ang Panginoon ang aking pastol. Hindi ako mangangailangan." At ganoon nga na pinangungunahan Niya tayo sa tabi ng tubig na pahingahan; at ipinapanauli ang kanilang kaluluwa; at pinapaapaw ang ating mga saro; at—at pinapahiran tayo sa harapan ng kaaway! Kayo ba'y nakaranas na pinahiran kayo sa harapan pa mismo ng inyong kaaway? Para ipatotoo mismo hanggang sa ang inyong saro'y mag-umapaw, alam n'yo. Ganun ngang kahanga-hanga na mapahiran sa harapan ng inyong kaaway!

42 Ngayon pansinin, pagdaka'y, ginamit ng Diyos si Haring Nabucodonosor at ginawa siyang kasangkapan sa Kanyang kamay. At nung mamatay si Haring Nabucodonosor, matapos na siya'y . . . Sa nagsipagtaasang mga talahiban; ang buhok niya, naging gaya na sa leon, o gaya sa balahibo ng agila; at 'yung kuko niya sa kamay ay naging parang kuko ng agila, at kung ano pa. At ibinunsod nga noon ng Diyos na mapagtanto niya kung Sino talaga ang tunay na Hari.

43 Matapos ang kamatayan niya, si Belsazar, na apo niya, ang humalili sa kanya. At, mangyari nga, na mas masama pa siya kay Haring Nabucodonosor. At isang gabi, doon, nagdaos sila ng malaki't enggrandeng kasiyahan. Tinawag nila ang lahat ng kanilang—kanilang mga mahistrado at lahat ng mga opisyales, para sa isang malaki't enggrandeng dyambori. At habang idinadaos nila ang dyambori na ito, at sila'y . . . may pumunta, at iniutos, at inilabas ang mga sisidlan, ang mga banal na sisidlan ng Diyos; para kutyain ang Diyos, at uminom ng alak alang-alang sa kanilang mga diyus-diyosan, isang pagtatagay, gamit ang mga sisidlan ng Panginoon.

44 Ngayon, ang isang tao'y napapahintulutan na maglakbay sa malayong maaabot nito, pero may naghihiwalay na hangganan sa pagitan ng Buhay at kamatayan. Huwag na huwag mong tatawirin 'yun. Kita n'yo? Marahil hahayaan ka lang sa munti mong kahangalan nang ilang panahon, pero dapat alam mo kung nasaan ang hangganan na 'yun. Sinisiyasat ba tayo ng Panginoon ukol sa ganyang mga bagay? Ginagawa Niya, sa ating lahat, na hinihila ang mga renda ng pagsisiyasat, sasabihin, "Malapit ka nang lumampas." Kung ganoon ay dapat ka nang mag-ingat sa ginagawa mo, mula roon, kung humahakbang ka na papalapit sa hangganan na 'yun.

45 At nung gabi na 'yun, nung hilain na ng Diyos ang mga renda ng pagsisiyasat sa kanya, haya't ayaw niyang makinig. Nagpatuloy pa rin at ipinalabas ang mga sisidlan ng Panginoon, nagsimulang uminom ng alak, at tumagay alang-alang sa

kanilang diyus-diyosan. Pagkatapos bigla na lang may lumitaw na isang kamay mula sa Langit, at nagsulat sa pader, “MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN.” Na ang ibig sabihin, “Tinimbang ka sa timbangan, at nasumpungan kang kulang.” Walang makapagpaliwanag nun. Nasusulat ’yun sa di-kilalang wika.

46 At may lalaki roon, na may kaloob ng pagpapaliwanag, si Daniel, kaya nagpunta siya roon at ipinaliwanag at sinabi sa hari kung anong mangyayari. At, doon, winasak ng Diyos ang bansa na ’yun, na Babilonia.

47 Mangyari, na si Daniel, habang naroon, ay nakakita ng dakilang mga pangitain, at isinulat niya ang tungkol dito, para sa dakilang kaaliwan na kamit natin ngayon, sa pagkakaalam, at paglalagay sa ayos, ng katapusan ng kahariang Gentil.

48 Pansinin n’yo kung gaanong ganap mismo. Kunin n’yo po itong maigi ngayon. Nakita niya, unang-una, ang rebulto na nakatayo roon sa parang, nung ipaliwanag niya ang panaginip ng hari.

49 Isa siyang espirituwal na tao. Nanaginip siya ng mga panaginip, nakakakita ng mga pangitain, ipinaliwanag ang mga panaginip. Ang Diyos ay kasama niya, at alam ’yun ng lahat, siyanga.

50 At nung makita niya ang pangitain, ang ulo na ginto, ang dibdib dito na pilak, ang mga hita ay tanso, at ang mga paa ay bakal, pansinin n’yo, na bawat kaharian ay patigas nang patigas. Ang kaharian ni Haring Nabucodonosor ang ulo na ginto. Ipinaliwanag niya ’yun, sinabi niya kung papaanong ang mga kaharian na ’yun ay hahaliling kasunod ng bawat isa sa isa pa hanggang sa huli. Tapos pansinin, mula sa ginto, pinaka malambot, pagkatapos ay pilak, tapos tanso ang kasunod, tapos bakal ang kasunod; patigas, nang patigas, lumalamig, habang lumalayo!

51 Pansinin, tapos, sa gitna ng lahat ng ’yun, pinagmasdan ni Daniel ang rebulto hanggang sa may Bato na natapyas mula sa bundok, na hindi tinibag ng kamay. Gumulong ’yun papunta sa rebulto at winasak ’yun, at ibinunsod ’yun na maging parang trigo na nasa sahig ng giikan sa tag-init, at hinihipan lang ng mga hangin palayo. “At ang Bato ay lumaki na naging isang malaking bundok na tinakpan ang buong lupa at ang dagat.” Yun ang Pagparito ng Panginoong Jesus, na napipinto na.

52 Nagkaroon pa siya. Isang beses nung nasa tabi siya ng ilog, isang araw, parang nawalan siya ng malay at nakakita ng isang pangitain. Marami sa mga nakapaligid sa kanya roon, di nila nakita ang pangitain, dahil kay Daniel lamang ’yun ibinigay. Kita n’yo?

53 Maaari nga na may tatayo sa tabi n’yo, at makakakita ng mga bagay na di n’yo nakikita, para iligtas ang buhay n’yo. Ganoon

nga. May magsasabi, "Hindi ako naniniwala diyan. Wala naman akong nakita." Dahil hindi nga ito inilayon sa iyo na makita.

54 Sila na mga nakapaligid kay Pablo noon, nung si Pablo ay mahulog mula sa kanyang kabayo at masubasob sa alikabok; at ganoong mang kalimahid, na masubasob, sa alikabok; wala ni isa sa kanila ang nakarinig sa tinig o nakakita sa pangitain na 'yun. Si Pablo ang nakakita Roon.

55 Wala ngang ibang nakakita dun sa bituwin na lumitaw sa may. . . bawat obserbatoryo, 'yung mga lalaking pantas lang.

56 Maraming pagkakataon, na ganoon, nagtatalaga ang Diyos ng partikular na mga tao para makakita, at ang iba't hindi nila nakikita. Oh, gustung-gusto ko 'yun! Kapag ang Diyos, sa walang katapusan Niyang karunungan, ay paunang nagtalaga, o paunang humirang, ukol sa mga bagay na mangyayari, 'yun nga'y maaaring mangyari sa taong katabi mo, at wala kang malalaman na anuman tungkol dun.

57 Tingnan n'yo 'yung Dotan, nung si Elias ay naroon noon sa Dotan at sila'y napapalibutan roon ng—ng mga taga-ibang bansa na sumalakay, nitong hukbong Syria; pinaghahanap nila si Elias, na propeta. Mangyari nga, na natuklasan nila, na sa tuwing ang mga taga-Syria ay lulusob sa Israel, para makipag-digma, aba, nag-aabang na ang mga Israelita para atakihin sila nang pasorpresa.

58 At kaya pinatawag ng hari ng Syria ang mga tauhan niya, sabi, "Ngayon, sandali lang. Sino ang kampi sa amin, at sino ang kampi sa Israel?" Sabi, "May kung sino rito sa pangkat ko na isang tiktik, na pinagsasabi sa Israel kung saan ba tayo lulusob, dahil lagi silang nandun na tinatambangan tayo."

59 At may isang lalaki dun na may kaunting pagka-espirituwal sa kanya. Sabi nito, "Hindi po, ama ko. Dahil 'yun kay propeta Elias, dahil nalalaman niya, sa silid-tulugan mo man, kung ano ang susunod mong hakbang." Amen.

60 Oh, kapag nagsimulang magliglig ang mga kapangyarihang atomika, ikinagagalak ko na sinabi na sa atin ng Salita ng Diyos kung saan tayo pupunta. Tatakas tayo patungo sa Bato, kay Cristo Jesus! Bawat tao na papaloob Roon ay ligtas at may kapanatagan. Walang makakahamak sa iyo. Wala maski bomba atomika, maski cobalt, anupamang iba, ang makasasaling sa iniingatan ng Diyos; ligtas, may kapanatagan, naka-angkla. Grabeng kahanga-hangang pag-asa 'yan na kamit-kamit natin kay Cristo Jesus!

61 Pansinin n'yo, may kasamang lalaki 'yung propeta noon. Yung lingkod niya, isang espirituwal na kabataan, sumama at nagbubuhos ng tubig sa mga kamay ng propeta, isa 'yung dakilang posisyon na mayroon siya. Pero nung makita niya ang—ang hukbo ng Syria na nakapalibot sa Dotan, anupa't

nakapaligid mismo, sabi niya, “Ama ko, tingnan mo po! Grabe ang bilang nila! Naku, napapalibutan tayo!”

62 Ngayon, ’yun ay sa natural, sa panahon na tila ang lahat ay para bang lalong lumalala; ikaw ang tinuturo, sasabihin ang *ganito* at *ganoon*; at sasabihin ng doktor na di ka na gagaling pa, at kung ano pa. Bagay lang ’yan sa natural, para mabalisa ka, “Oh, naku, katapusan ko na ito!”

63 Pero sabi ni Elias, “Mas marami ang sa atin kaysa sa nasa kanila.”

64 Ngayon maiisip n’yo marahil kung ano na lang ang pakiramdam ng propeta, o pakiramdam nitong si Gehazi, ’yung lingkod. Tumingin siya sa kanya. Sabi niya, “Naku, wala naman akong nakikita.”

Sabi ng propeta, “Diyos, buksan Mo ang mata ng binatang ito.”

65 At nung mismong sandali na ipangyari ng Diyos ang isang bagay! Heto nga ito. Kunin n’yo. Nung buksan ng Diyos ang espirituwal niyang paningin; sa buong paligid dun, ng propeta, haya’t nakaantabay ang mga karwaheng Apoy at mga Anghel ng Apoy. Aba, nakita niya ang . . . Aba, mas marami pa pala ang mga karwaheng Apoy kaysa sa bilang ng hukbong Syria, nang makalibo. Ang buong kabundukan ay nag-Aapoy mismo; mga Anghel ng Apoy, mga kabayong Apoy, mga karwaheng Apoy.

66 At ang sabi ng Biblia, “Ang mga Anghel ng Diyos ay nakapalibot sa kanila na natatakot sa Kanya.”

67 Ganoon din sa gabing ito! Iniisip ko nga na ano kaya kung may lalaki rito, ngayong gabi, na may kapangyarihan na alisin ang pagkakatakip sa inyong mga mata, at magsasabi, “Tingnan n’yo, may mga nakatayo sa paligid ng tabernakulo ngayong gabi!” Kayo nga’y magiging miyembro rito sa buong buhay n’yo. Tiyak ’yan. Siyanga, po.

68 Kung minsan hindi n’yo Ito makikita ng natural n’yong mga mata, pero mararamdaman n’yo ang udyok Nito, na may Bagay na nasa malapit lang. Isang pang-anim na pandama na nagsasabi na may Bagay sa malapit.

69 Namasdan n’yo ba Siya, kaninang umaga, na binubuksan ang mga binging tainga, ibinubunsod ang mga pilay na may polio na nakapaglakad sa palibot dito, na tila walang anumang kapansanan sa kanila. Ano ’yun? Yun ang kaibuturang pandama. Ang ibig kong sabihin, ang pandama, ang ikaanim na pandama na nararamdaman, ng espiritu, na may Bagay sa malapit. Manampalataya lamang sa Diyos!

70 Ngayon, di nila nakita, o di niya nakita Yun, agad-agad. Mangyari nga, na si Elias marahil ay di niya Yun nakita agad, pero hiniling niya na ang mga mata ng binata’y mabuksan para

makita Ito. Pero si Eliseo nga'y nararamdaman niya na naroon 'yung mga Yun. Amen.

Si Tomas, minsan, ang sabi, "Itulot n'yo na mailagay ko ang aking kamay sa tagiliran Niya."

71 Sabi ni Jesus, "Ngayon nakita mo na at naniwala ka. Pero gaano ngang kadakila ang gantimpala nila na gayong di nila nakita, ay sumampalataya pa rin." Tayo po sa gabing ito ang tinutukoy nun, sa sinuman na sasampalataya, kahit di nakikita.

72 At pansinin. Pagkatapos ay lumakad si Elias doon sa labas kung saan naroon ang sirkumstansyang ito, at sinabi niya sa kanila . . . Una muna'y, lumakad siya papalabas, at ang sabi ng Biblia, "Binulag niya sila." Bulag; at lumakad siya sa gitna nila. Ang bawat isa sa kanila'y may malinaw na paningin, sa abot ng nalalaman ko. Pero sinabi mismo ng Kasulatan, "Sila'y bulag."

73 May munting lalaki, mga ilang gabi ang nakararaan, sabi sa akin, "Kung tao ka talaga ng Diyos, sige't bulagin mo nga ako."

Sabi ko, "Pero bulag ka na." Kita n'yo? Kita n'yo? Bulag na!

74 Pansinin. At lumakad siya roon, kung saan naroon ang mabigat na sirkumstansyang ito, itong malaking bagay na ito. Tapos sabi niya, "Hinahanap n'yo ba si Elias?"

Sabi, "Oo."

75 Sabi, "Sige halikayo, sundan n'yo ako. Dadalhin ko kayo sa kanya." Sinabi 'yun sa kanila ni Elias. Ano 'yung bagay na bulag sila? Bulag sila sa katotohanan na ang propeta na pala 'yun ng Diyos. Bulag sila dun. At dinala niya sila doon mismo sa mga nakatambang, uli. Sabi, "Halikayo, ipapakita ko sa inyo si Elias," at samantalang si Elias na mismo 'yun na nagdadala sa kanila roon.

76 At nung magpalinga-linga sila sa paligid, at mapansin na napapalibutan sila, nasukol na sila. Sabi ng hari, "Ama ko, papaslangin ko ba sila?"

77 Sabi niya, "Dadalhin mo ba ang isang bilanggo sa isang lugar para paslangin lang siya?" Sabi, "Bigyan n'yo sila ng makakain, at ipadala n'yo sila pabalik sa kanilang bansa."

78 Yun dapat ang paraan para ayusin ang mga digmaan. Tama po ba? Tunay. Oh, grabe! Kung mapapairal lang sana natin ang prinsipyong 'yan, ngayon, na pakakainin ang inyong kaaway. "Gumawa ng mabuti sa kanila na gumagawa ng kasamaan sa inyo." Amen.

79 Hayan, nga, ang pagkabulag.

80 Ngayon, si Elias, o ang ibig kong sabihin, hindi si Elias, kundi si Daniel po pala: paunang nakita 'yun ni Daniel; siya kasi'y isang propeta; nakita niya ang pagdating ng Panginoon; nakita niya ang huling panahon na padating; nakita niya ang panimula ng mga Gentil.

81 At kung mapapansin n'yo, ang mga Gentil sa pasimula'y mga—mga sumasamba sa diyus-diyosan. Sumasamba sila sa isang malaking rebulto sa gitna ng patag, sa rebulto ng isang tao: sa palagay ko'y, si Daniel, pa nga 'yun. Dahil, tinawag siya ni Haring Nabucodonosor na "Belsazar," na diyus-diyosan niya, at nagsimula itong sumamba sa isang rebulto ng isang matuwid, na banal na tao. At tumanggi si Daniel na gawin 'yun; ganoon din—ganoon din ang mga Hebreong binata, sina Sadrach, Mesach, at Abednego.

82 Ganoon nga ang pasimula. At hinatulan 'yun; nagsimula dun sa ulo na ginto na nagpapahiwatig ng pagsamba sa diyus-diyosan, puwersahan 'yun, at nagtapos sa sobrenatural na sulat Kamay na sumulat sa isang sobrenatural na lingguwahe, na tanging sobrenatural na pang-unawa lamang ang makaiintindi dun. Amen.

83 Sa ganoong paraan nga ang pasimulang pagpasok ng kahariang Gentil, at sa ganoon din 'yun magtatapos, siyanga, sa pamamagitan ng sobrenatural na mga gawa, sobrenatural na interpretasyon. Alam n'yo kung ano ang tinutukoy ko. Ang pagkilos ng sobrenatural, oh, grabeng kahanga-hanga! Hindi po ba't nagagalak kayo para riyan, ngayong gabi, kayo na mga nananampalataya sa sobrenatural? Oo.

84 Ngayon, pagkatapos, nung maipakita na ang mga pangitain na ito, ipinakita Niya sa kanya kung saan tatayo ang mga bansa. Ipinakita Niya kung papaanong may ganitong karaming taon ang ipinasya sa mga Judio. Sabi Niya, "Darating ang Mesiyas. Magpropropesiya Siya sa ikapitumpung sanlinggo, na tatlo at kalahating taon. Sa gitna nun, ay puputulin Siya, na pitong taon. Pitumpung sanlinggo ang ipinasya sa iyong bayan; pitong taon ng propesiya sa mga Judio." Sabi Niya, "At ang Mesiyas, ang Prinsipe, ay darating at magpropropesiya, sa gitna ng pitong sanlinggo, pitong araw, Siya'y puputulin. Sa kasuklam-suklam, na magbubunsod ng kasiraan, ay tatayo sa lugar Nito. At yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem, mga Gentil, nang isang panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon."

85 Ngayon, nung dumating ang Mesiyas, si Jesus, nangaral Siya nang eksaktong tatlong taon at kalahati, at pinutol, bilang isang Hain. Ang araw-araw na obligasyon ay iwinaglit. At ang kasiraan, ang kasuklam-suklam na magbubunsod ng kasiraan, ang moslem ng Omar, haya't nakatayo roon ngayon sa halip na ang banal na templo. Ang mosque ng Omar ay nakatayo sa mismong dako kung saan nakatayo noon ang templo.

86 At sinabi niya, na, "yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem, sa may Jerusalem, hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil ay matapos. Pero, sa katapusan ng mga Gentil, ay may tatlo at kalahating taon pa rin, na natitira, para sa mga Judio."

87 Ngayon pansinin ang isa sa pinaka katangi-tanging bagay ng propetikong kasaysayan.

88 Hindi ko inaangkin na alam ko ang propesiya ng Biblia. Pero ito nga'y parang pagbabasa ng diyaryo; mas luminaw. At, itong nabasa natin Dito, alam natin na Katotohanan ito.

89 Pansinin n'yo, dalawang libo, oo, dalawampu't limang daang taon, ang mga Judio'y nagkalat sa bawat bansa sa ilalim ng Langit. Kung papaano na pinatigas ng Diyos ang puso ni Faraon, sa pagpapanumbalik sa kanila; pinatigas Niya ang puso ni Hitler, puso ni Mussolini, at iba pa, hanggang sa sila'y maipanumbalik Niya sa Palestina. Sa pagbabalik, kanilang naitaguyod ang kanilang sarili na maging isang bansa muli. At nung ika-anim ng Mayo, 1947, ang watawat ng Judio'y itinaas sa buong Israel, sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng dalawampu't limang daang taon. Ang pinaka matandang watawat ay itinaas sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng dalawampu't limang daang taon. At sabi Niya, sa huling mga araw, "Magtataas Siya ng bandera sa ibabaw ng Jerusalem," na ipinapakita na ang panahon ay napipinto na.

90 At pansinin n'yo, dito di pa katagalan, may napanood ako na isang propetikong pelikula na tungkol dun. At sinusundo nila ang mga Judio na 'yun, na libo-libo ang bilang, gamit ang mga eroplano. Nakita n'yo 'yun sa diyaryo, at kung saan pa. Nandun 'yun sa *Look* at *Life* na mga magasin. Libo-libong mga Judio ang nanunumbalik! At tinanong sila ng mga tagapag-ulat, sabi, "Ano ang dahilan ng panunumbalik n'yo?" Matatandang, mga pilay, karga-karga sila sa kanilang likod, ang mga batang paslit. Sabi, "Bumabalik po ba kayo sa inyong sariling bayan para dun mamatay?"

Sabi, "Hindi. Bumabalik kami para makita ang Mesiyas."

91 Sabi ni Jesus, "Kapag nakita n'yo na ang punongkahoy ng igos na nagsusupling na ng usbong nito, at ang lahat ng iba pang mga punongkahoy ay nagsusupling na rin ng kanilang usbong, inyong malalaman na ang panahon ay nalalapit na, o ang tagsibol ay nalalapit na, ang tag-araw. Kaya, kapag nakikita n'yo na ang mga bagay na ito ay nangyayari na, itaas n'yo ang inyong mga ulo, ang inyong katubusan ay nalalapit na."

92 Ngayong gabi, ang mundong ito'y tinatadtad na ng mga butas ng komunismo! Oh, kausap ko ang isang lalaki kani-kanina lang, ukol sa. . .isa siya sa pinaka mapagkakatiwalaan na awtoridad, sa palagay ko, na kakilala ko. At nung sabihin niya ang mga bagay na ito patungkol dito sa bansang ito, at komunismo, pangangatugin nga kayo nun sa inyong tuhod, oo, kung gaano nang kalala ang pagkakatadtad dito ng butas. Wala na ngang solido pa, maski ang sarili na nating bansa, mismo.

93 Nag-iisa na lang ang solidong bagay na nalalaman ko na makatatayo, 'yun ang Bato, si Jesus Cristo. Tumanggap tayo ng

isang kaharian na di mayayanig. At sa araw na ito na pawang ang lahat ay bumabagsak na, may solidong pundasyon tayo, ang Panginoong Jesus Cristo. Sumilong na kayo Rito, mga kaibigan. Silungan Ito sa panahon ng unos. Grabeng kahanga-hangang bagay!

Nakita niya ang lahat ng mga bagay na ito na mangyayari.

94 Nakikita na natin ngayon ang mga Judio. Sinabi ng Biblia na ang Jerusalem, haya't mamumukadkad ito gaya ng isang rosas. At mangyari ngang pinatubigan nila para sa pagtatanim ang lupaing 'yun! At kanila ring. . . Sinabi ng propeta, ang sabi, "Sa araw na yaon," na "dadaloy ang tubig mula sa hilaga." Wala ngang tubig dun noon, walang mga bukal dun noon. Pero itong huling mga ilang taon, may bukal mismo na bumulwak, at pinatutubigan nun ang mga lambak. At pinatutubigan nila 'yun para matamnan; isa nga 'yun sa pinaka malaking dako ng agrikultura, sa lawak nun, sa buong mundo.

95 At lahat nitong esensyal na mga mineral sa Dead Sea. May sapat na mineral sa ilalim nun, na pagsama-samahin man ang buong kayamanan ng mundo'y di 'yun mabibili; 'yung mga mineral, uranium at lahat ng iba pa, doon sa ilalim mismo ng Dead Sea, na ngayon ay pagmamay-ari na ng Israel.

96 "Punongkahoy ng igos na nagsusupling ng usbong." Hindi lang 'yun, maging ang ibang mga puno ay nagsusupling na rin ng usbong nito. Ang mga komunista'y nag-uusbong. Ang anticristo ay nag-uusbong.

97 At ang Iglesya ng Diyos ay nagsusupling ng mga usbong. Siya ay namumukadkad tungo sa Kanyang kapangyarihan uli. Kinain ng tipaklong ang bahagi nun, kinain ng uod ang bahagi nun, kinain ng balang ang bahagi nun, kinain ng kuliglig ang bahagi nun, pero ang sabi ng Diyos, "Mabubuhay itong muli." Siya'y nagsusupling na ng mga usbong ngayon.

98 Nagsusupling na ng mga usbong ang mga puno. Paunang nakita na ito ni Daniel, at nagbunyi. Ngayon, ukol sa panahon na 'yun, sabi niya, "At sa panahong yaon. . . " Ika-12 kabanata po.

> *At sa panahong yaon ay tatayo si Miguel, na dakilang prinsipe na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na* hindi *nangyari kailan man. . . mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa. . . panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.*

99 Oh, grabe! Hindi ba't nagagalak kayo na ang pangalan n'yo ay nandun sa Kanyang Aklat? Nung siya, si Daniel, dito, ay nakita Siya, "Dumulog sa Matanda sa mga araw, na ang Kanyang buhok ay simputi ng balahibo ng tupa. At binuksan

Niya ang mga Aklat. At sila'y hinatulan, bawat tao, batay sa mga Aklat," ang dakilang Paghatol sa Puting Luklukan.

100 Ngayon, ibinigay kay Daniel ang kasiguraduhan na ito sa dulo ng dispensasyong Gentil. Basahin n'yo ang. . . sa pag-uwi n'yo, haya't bukas, basahin n'yo ang ika-11 kabanata. Nakikita n'yo na ang hari ng hilaga na bumababa na, na wala nang iba kundi ang Rusya, bumababa para dumiin laban dun, na parang isang ipo-ipo. At ang malaking Digmaan sa Armagedon ay paglalabanan mismo malapit sa mga pintuang-bayan ng Jerusalem. Pansinin. Oh, gustung-gusto ko nga ito!

> *. . . at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa* na *masusumpungan na nakasulat sa aklat,* sa aklat ng buhay ng Cordero.

101 "Si Miguel, ang dakilang prinsipe, at tatayo para sa" (ano?) "para sa iyong bayan." Siyanga.

> *At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising* (kailan?) kapag ang mga bagay na ito'y mangyari na, at *ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang* pagkapahamak.

102 Kung papaano ngang tiyak na may Buhay na walang hanggan, may walang hanggan ding pagyaon. Kumpurme ito sa kung papaano ang trato n'yo kay Jesus Cristo sa buhay n'yo. Kung iniibig n'yo Siya, at kayo'y maipanganak na muli, at kamit ang Kanyang Espiritu, kayo'y may Buhay na walang hanggan. Kung hindi, wala kang Buhay na walang hanggan. Kung ang pangalan mo ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, mayroon kang Buhay na di-namamatay. Kung hindi 'yun nakasulat Doon, hindi ka kikilalanin.

103 Ano 'yun? Lahat ng mga propesiyang ito ay natutupad; lahat, hanggang dito sa panahon na ito.

104 Lumipas na ang ulo ng ginto, gaya ng sinabi ni Daniel na 'yun nga'y lilipas, ang kaharian ng Babilonia.

105 Hahalili dun na kasunod, sabi niya, ang Medo at Persia. Sila ang humaliling kasunod ng kaharian ng Babilonia.

106 At bumagsak din sila, sa (kanino?) sa mga Griyego, kay Alexander the Great.

107 At bumagsak din ito, sa (ano?) sa mga Romano. At nabuwag ang mga Romano, sa buong mundo, nagkaroon ng silangan at kanlurang Roma, dalawang binti.

108 At sinabi niya na ang bakal at putik ay naroon sa daliri sa paa, sa sampung daliri sa paa, ang sampung kaharian, at sinabi niya na hindi sila puwedeng maghalo, at mag-aasawahan sila sa isa't isa, ang Romanismo at Protestantismo.

109 "At sa araw na yaon," na ang bagay na ito'y umiiral, "pagdaka nga'y ang Bato ay matatapyas mula sa bundok, na di gamit ang kamay, at gugulong at gigibain ang bagay na 'yun hanggang sa magpira-piraso." At Yun ang humalili sa lugar ng rebulto na 'yun.

110 Kaya, mga kapatid, nagkakaroon tayo ng mga pagliligalig, ngayong gabi. "Mga digmaan, ugong ng digmaan; mga lindol sa iba't ibang lugar; panahon ng kagulumihanan, pagkabalisa sa pagitan ng mga bansa." Kagagaling ko lang mula sa ibayong-dagat, at wala akong nakitang bansa na hindi nangangatog sa kanilang sapatos. Di nila alam kung ano na bang mangyayari kasunod.

111 Pero di ba tayo magpapasalamat nang lubos, na ngayong gabi, ay alam natin kung ano ang susunod na mangyayari! Ang Panginoong Jesus Cristo'y darating sa ikalawang pagkakataon, sa kaluwalhatian at karangalan! At bawat lalaki o babae na matagpuang nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ay babangon na makakapiling ang kanilang mga mahal sa buhay, para katagpuin ang Panginoon sa alapaap. Oh, grabeng kahanga-hangang bagay! Yan ang dahilan at nasasabi natin:

> Nakatayo ang aking pananampalataya sa wala
> nang hihigit pa
> Kundi sa Dugo ni Jesus sa katuwiran;
> Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay
> humantong na sa pagkabulid,
> Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa
> magpakailanman.

112 "At sa panahon na yaon, tatayo si Miguel, ang dakilang prinsipe." Si Miguel ay si Cristo, siyanga, Na lumaban doon sa labanan ng mga Anghel sa Langit, laban sa diyablo. Naglaban sina Satanas at Miguel nang magkasama, o naglaban sa isa't isa, ang ibig kong sabihin.

113 At, ngayon, "Sa panahon na yaon," sabi niya, "kung gaanong karami ang natagpuang nakasulat sa Aklat ay naligtas. At sila na mga gumawa ng matuwid. . . " Masdan n'yo ito.

> *At silang—at silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at* parang ang. . .*at silang* mga *nagpabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man*. . .

114 Iniisip ko nga 'yan, kung minsan, at nagbubulay ako, mga kapatid. Lumalabas ako, nang umaga. Gustung-gusto ko na bumangon nang maaga. Hindi ba't gustung-gusto n'yong bumangon nang maaga?

115 Naaalala ko nung ang mga kapatiran at ako ay naroon sa kabundukan. Maagang-maaga po, mga bandang alas kuwatro, babangon kami. Titingala ka, naroon sa itaas, at naroon ang tala

sa umaga. Sadya ngang dumidilim nang husto kapag malapit na mismong magbukang-liwayway.

116 Nakikita natin ang kadiliman na kumukumpol na ngayon. Ano 'yun? Ang Liwanag 'yun na kumikiskis laban sa kadiliman. Kailangan na ang isa'y magpaubaya.

117 Lahat ng mga gumagapang na nilalang na tumatalilis buong gabi, kapag sumikat na ang araw, nagtatago sila kapag sumisinag na ang liwanag. Ang gabi at kadiliman. . . Ang gabi at ang liwanag ay di maaaring umiral sa iisang gusali. Kung dilim ay dilim o kung liwanag ay liwanag. At ang liwanag ay mas makapangyarihan kumpara sa kadiliman.

118 Kaya ganoon din na si Cristo ay higit na mas makapangyarihan kaysa sa lahat ng kalaban sa mundo.

119 Ngayon, itinuro sa atin ng mga siyentipiko; na habang dumarating ang liwanag, pinaiikli nito ang kadiliman. At titipunin ng kadiliman ang lahat ng kanyang mga nasasakupan na sama-sama, para labanan ang liwanag, pero ang liwanag mismo'y nagwawagi at dumadating.

120 At sinabi ng Biblia, sa huling mga araw, na, "Si Satanas ay lilipana na parang umaatungal na leon." Tinitipon na niya, ngayon, ang lahat ng kanyang mga kaaway, o lahat ng kanyang mga kaibigan, na ating mga kaaway, at tinitipon sila na sama-sama; pinaglalakip sa ilalim ng isang malaking ulo, ang tanda ng hayop, sa isang eklesiyastikal na kaharian, kompederasyon ng mga kaiglesyahan. Lahat ay nagkakaisa at ibinubunsod ang kanilang sarili na maging isang bantog na organisasyon, na tulad ng Katolisismo.

121 At ang mga imperyo ng mundo'y pinagkakaisa rin nila ang kanilang mga sarili na sama-sama, at bumubuo ng malaking ulo na namumuno dun, sa pulitikang aspeto, na tinatawag na komunismo.

122 At nagtutumulak ang Liwanag ng Diyos. Ito'y nangyayari kasabay nun, na nabubuo rin: ang Cristianong Iglesya, ang Iglesya ng buhay na Diyos, ay pinapahiran; na dumadako ang kapangyarihan sa Kanya, tinatanggap Niya ang Espiritu Santo.

123 Nung nakaraang taon, diyan sa panig ng mga full Gospel, may isang milyon at limandaang libong mga naakay. Ito ang pinaka dakilang pagkilos na lumaganap sa bansa sa mga taon at taon na nagdaan. Wala na tayo sa eskinita. Nasa boulevard na tayo ng hallelujah. Wala na tayo sa kubol, wala na. Haya't isang milyon at limandaang libong mga naakay sa hanay ng full Gospel, noong nakaraang taon, pumapangalawa lang ang Katolisismo at lahat ng iba pa. Oh, grabe!

124 Ano 'yun? Namumuo na ang Liwanag. Sinuyod na ng dakilang mga gawain ng pagpapagaling ang buong mundo. Hallelujah! Kahit doon, sa dako ng Formosa, idinadaos dun

ang malalaking gawain ng pagpapagaling. Sa bansang Hapon, may mga idinadaos na mga gawain ng pagpapagaling. Doon din sa nagyeyelong rehiyon sa norte, nagkakaroon mismo ng mga gawain ng pagpapagaling. Sa buong palibot ng mundo, mga gawain ng pagpapagaling! Hallelujah! Tinatanggap ng mga tao ang Espiritu Santo, sa lahat ng dako. Nandito na tayo sa wakas ng panahon.

125 Anong ibinubunsod nun? Mangyari nga na sasabihin ng diyablo, "Ngayon oras ko na." Tinitipon na niya ang kanyang mga puwersa. Hayan ang kompederasyon ng mga iglesya na pilit pinahihinto itong ating pagkilos, sinasabi, "Wala 'yan kundi sangkumpol lang ng nakakahong-ingay. Wala kang mapapala sa mga 'yan. Panatisismo lang ang lahat ng 'yan. Walang ganyan na sinasabi nila na pagkilos sa Sobrenatural."

126 At kasabay n'yan, ang pangulo ng American . . . ang medikal na asosasyon ay may isinulat na artikulo sa pahayagan, na sabi niya, "Walang may karapatan na dumalaw sa silid ng maysakit, para magministeryo sa mga tao, na di naniniwala sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat at tumatanggap sa Kanya bilang kanyang Tagapaglingap." Ang *The Christian Herald*, kinapanayam ang mga doktor nung nakaraang buwan, sila na mismo ang nagsulat ng mga artikulo na di ko maisulat, sa sarili ko, kung pagsusumikapan ko man na itanyag 'yun. Ano 'yun? Sa gitna ng lahat ng ito, ibinubunsod ng Diyos na ang Kanyang mga kaaway na mismo ang magpatotoo sa kaluwalhatian Niya. Siyanga, po. Sabi nung doktor, "Ang inilalapat lang namin ay tulong, pero ang Diyos ang tagapagpagaling."

Sabi ko, "Naku't ngayon lang nalalaman ng mga bantog na kalalakihang ito ang bagay na tayong sangkumpol na mga di-aral ay matagal nang nalalaman." Ganoon nga.

127 Isa sa maluwalhating araw na ito, malalaman mo na itong bungkos ng Kapangyarihan, na nagpapabago ng mga patotot na maging binibini, at mga lasenggo na maging ginoo't mga Cristiano, ay ang mismong Kapangyarihan na mag-aangat sa kanila mula sa lupang ito at para dalhin sila sa Tahanan sa Pag-agaw, sa Kaluwalhatian. Marahil huli na masyado; huli na marahil sa nakararami.

128 "Sa araw na yaon, tatayo si Miguel para sa mga tao." Hindi Siya nakatayo para sa mga bansa. Tumatayo Siya para sa mga tao. "At marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa, ang ilan ay babangon sa walang hanggang kahihiyan at kapahamakan. Pero sila na mga pantas at nagpabalik ng marami sa katuwiran, ay magliliwanag na parang mga bituwin nang magpakailan-kailanpaman." Hallelujah!

Tolda man sa ngayon o dampa, bakit ako
mababahala?

Sila sa Dakong 'yun ay nagtatayo nitong aking magiging palasyo! (Pupunta kayo roon para makita n'yo ako balang araw!)

129 Ano 'yun? Lumakad ako noon at tiningala ko ang dakilang tala sa umaga na 'yun habang ito'y gumagalaw roon. Ano ang ipinapahiwatig ng tala sa umaga? Pinapaaninag lamang ng tala sa umaga ang sukdulang liwanag ng araw na parating. Tama ba? Ang tala sa umaga, ang dahilan kung bakit ganoon na lang itong kaliwanag (alam n'yo ba kung bakit?), ang araw nga'y papalapit na mismo roon. Yun nga'y tumutulak na. At tinatanghal ng tala sa umaga ang pagdating ng araw.

130 Buweno, kayo na mga tala sa umaga, panahon na para humayo at itanghal Siya sa Kanyang pagdating! Suminag kayo, mga Tala sa umaga! Bumangon nang maaga! Sinasabi Nito, "Ang Anak ay malapit nang pumarito!"

131 Sa tuwing titingin tayo at makikita ang tala sa umaga, sa pagningning nito sa himpapawid, ang ibig sabihin nito'y ang araw ay malapit-lapit nang suminag.

132 At kapag nakikita na natin ang Mga Tala sa umaga ng Diyos, na bumabangon at sumisinag sa kaluwalhatian ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, ipinapakita lang n'yan na ang sukdulang Isa ay tumutulak na. Nagtitipon na ang mga liwanag, pero ang Tala sa umaga'y humihiyaw, "Magpatuloy lang! Hindi na magtatagal at sisinag na ang umaga." Kayo nga'y magpatuloy lang! Hindi na magtatagal at sisinag na ang umaga. Manatili lamang na nanghahawakan. Gaya ng inaawit noon ni Kapatid na babaing Murphy at sila, "Magpatuloy lamang; ang liwanag ng umaga'y paparating na." Kayo nga'y magpatuloy lamang doon! Ang Mga Tala ng umaga'y sumisinag na sa mundo ngayon, binibigyang liwanag ang mundo, bago ang lubusang kadiliman, at ang malakas na kulog mula sa Langit, na Pagparito ng Panginoon.

Pakinggan n'yo pong maigi ngayon. Ngayon sabi niya . . .

133 Tiningnan ko 'yung tala sa umaga, at naisip ko, "Oh, tala sa umaga!" Tumingin ako sa ibaba . . .

134 Isang araw, habang nakatayo roon, si Kapatid na Wood at ako. Nagsindi na siya ng apoy dun, at naghahanda na kami para mag-almusal. At bumaling ako at nakita ko 'yung tala sa umaga. Lumakad ako roon sa mga palumpong ng cidro; at ang mga hangin nga'y bumubulong sa mga punongkahoy ng pino. Tumayo ako roon. Ang sarap sa pakiramdam, nakakalanghap ako ng mainam, na sariwang hangin ng umaga; at medyo mayelo noon, nagyeyelo nang husto. Bababa sa may sapa roon, sasalok ng sangtimba na tubig, magyeyelo bago n'yo mahango.

135 Tumayo ako roon, na itinataas ko ang mga kamay ko, doon sa dako ng mga punongkahoy ng pino. Tumingin ako roon sa tala sa umaga. Sa isip-isip ko, "Oh, tingnan mo nga ito, kung ano nang

dulot sa akin ng apatnapu't limang taon." Sabi ko, "Oh, naku. Kumukulubot na ako. Ang mga kamay ko'y nangungulubot na; nalalagas unti-unti ang buhok; nalalagasan na ng ngipin. Oh, grabe ang idinulot sa akin ng apatnapu't limang taon! Pero," sabi ko, "tumingin ka roon sa ibayo, ang tala na 'yun sa umaga ay kay ganda at kay liwanag gaya nung araw na ang Diyos ay, 'whew,' umihip mula sa mga kamay Niya, at nagsabi, 'Magliwanag!'"

136 Tapos naisip ko ang Kasulatan na 'yun. Sabi ko, "Pero nangako ang Diyos, kung tayo'y magiging pantas at ibaling ang marami tungo sa katuwiran, lalampasan natin ang liwanag ng mga bituwin magpakailanman."

137 Sa isip-isip ko, "Tala sa umaga, nagliliwanag ka ngayon, pero hintayin mo lang hanggang sa makarating kami Riyan! Hallelujah! 'Lalampasan natin ang liwanag ng mga bituwin magpakailanman!'"

138 At naririnig ko ang hangin na 'yun na bumababa sa burol, nung oras na 'yun na magbubukang-liwayway, umiihip nang marahan sa mga punongkahoy ng pino, na sinasabi:

> May Lupain sa kabila ng ilog,
> Na magpakailanmang kairog-irog,
> Mararating lang natin ang baybay sa pamamagitan ng pananampalatayang taglay;
> Isa-isa tayong lumalapit sa lagusan,
> Na doon maninirahan kasama ang mga walang kamatayan,
> Kapag kanilang patutunugin yaong mga kampanang gintuin para sa inyo at sa akin.

139 Grabeng dakilang bagay! "Sila na mga pantas ay magpapabalik ng marami sa katuwiran, at lalampasan nila ang liwanag ng mga bituwin magpakailan-kailanpaman."

140 Kaya anong magiging diperensya nun, siyanga? Para saan ba itong maikling panahon natin dito? Itong munti't tumatanda na alabok ng lupa, walang gulugod na bulateng-lupa, munting mortal na katawan na mabubulok at babalik sa alabok, at kakainin ng mga uod! Oh, naku! Ako nawa'y ibunsod na bumangon ng lahat ng nasa akin, at magniningning para sa kaluwalhatian ng Diyos! Isasantabi ang bawat bigat, nang sa gayon ang Espiritu Santo'y makapaghatid ng Kanyang mga kapangyarihan at kaluwalhatian, sa pamamagitan ng pangangaral ng Ebanghelyo at pagpapagaling sa mga may sakit, para patotohanan na si Jesus Cristo ay bumangon mula sa patay. Oh, grabe!

> . . .*magpakailan* man.

> *Nguni't ikaw,. . .Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng*

*kawakasan: dahil marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay* lalago.

*Nang magkagayo'y akong si Daniel ay* tumanaw at *tumingin, at, narito, nakatayo ang ibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang* isa'y sa *kabilang*...*pangpang ng ilog sa dakong yaon.*

*At* ang *isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino* (ang Espiritu Santo), *na nasa ibabaw ng tubig ng ilog* (mga tao't karamihang tao)...

141 Ang Espiritu Santo sa mga tao! Oh! Hallelujah! Ang Espiritu Santo!

142 Apocalipsis :15, :16, sinasabi dun na kakapalan at karamihan...ang ibig sabihin ng *tubig* ay "kakapalan at karamihang tao."

143 "At heto ang Isa na nabibihisan ng puting kayong lino, na pumaparoo't parito Siya sa ibabaw ng mga tubig, na ang Kanyang kamay ay nakataas sa Langit, nanunumpa sa pamamagitan Niya na nabubuhay kailan-kailanpaman, 'Kapag nangyari na ang mga bagay na ito, wala nang oras na natitira!'" Hallelujah!

144 "Wala nang oras na natitira!" Ipinanumpa 'yun, na kapag nakita na natin ang mga bansa na nagkakasira, at ang mga bagay na ito ay nangyayari na nang ganoon, "Ang hiwaga ng Diyos ay tapos na."

145 Ano 'yung, "Ang hiwaga ng Diyos"? "Ang Diyos sa inyo, na pag-asa sa Kaluwalhatian," na nagliliwanag, ang bautismo ng Espiritu Santo!

146 Tapos ang sabi Niya, "Kapag ang mga bagay na ito'y mangyari na, tapos na ang panahon."

147 "Sila na nakakakilala sa kanilang Diyos," sabi ni Daniel. "Sa huling mga araw, marami ang tatakbo nang paroo't parito, lalago ang kaalaman. Pero sila na nakakakilala sa kanilang Diyos ay gagawa ng mga katapangang-gawa sa huling mga araw."

148 "Gagawa sila ng mga katapangang-gawa." Oh, lumalantad na ang mga katapangang-gawa ng pananampalataya, sa buong mundo, ngayong gabi, sa tuwi-tuwina. Sa maraming mga bansa, may dakila't malalaking mga gawain! Ang mga bulag ay nakakakita. Ang bingi ay nakakarinig. Ang pilay ay nakakalakad. Ang mga tao sa iba't ibang antas ng buhay ay pumapasok na. Tinatanggap na nila ang Espiritu Santo; hindi lang ang mga pobre't mahihirap, maging ang mga milyonaryo at lahat. Dala-dala ng Diyos ang Kanyang balabal at isinusuot sa bawat isa, at binibigyan sila ng paanyaya para sa Hapunan ng Kasalan.

149 At ang dakilang Punong Saserdote, na si Melquisedec, ay darating isang araw. At kakain ng komunyon, muli, sa Kanya, sa Kaharian ng Diyos, isa sa mga dakila't, maluwalhating araw na ito! Oh, galak na galak ako, ngayong gabi, na mapabilang sa Kanyang Kaharian! Siyanga, po. Isang dakilang araw, isang kahanga-hangang araw, "Matatapos na ang panahon!"

150 Kita n'yo, nanggaling tayo sa Walang Hanggan. Tayo noon pa, bago pa magkaroon ng mundo. Alam n'yo ba 'yan? Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan.

151 "Nasaan ka noon," sabi Niya kay Job, noong inakala ni Job na may karunungan siya. Sabi, "Nasaan ka noong Aking ilatag ang patibayan ng sanlibutan, bago Ko ilatag 'yun, noong ang mga anak ng Diyos ay nag-aawitang sama-sama at ang mga tala sa umaga'y sumisigaw sa kagalakan?"

152 "Ang mga tala sa umaga'y sumisigaw sa kagalakan." Ang mga nagniningning na 'yun ay sumisigaw sa kagalakan, nung makita nila na balang araw ay matatabernakuluhan sila rito sa lupa. At ang Hari, si Melquisedec, ay papasok sa katuwiran ng Diyos, at ibibigay ang Kanyang buhay, para tubusin tayo pabalik sa Diyos, muli, at lalampasan ang ningning ng mga bituwin magpakailan-kailanpaman.

153 "Nasaan ka nung ilatag Ko ang patibayan ng sanlibutan? Saysayin mo kung saan nakakawit ang mga ito. Sabihin mo sa Akin kung saan sila nakatungtong." Sabi, "Bigkisan mo ang iyong sarili. Nais Kong makipag-usap sa iyo na gaya sa isang lalaki." At nasubasob si Job sa kanyang mukha na parang patay na lalaki. Di niya 'yun matagalan. Naroon ang Diyos. Hayan nga kayo. "Nasaan ka noong Aking ilatag ang patibayan ng sanlibutan?"

154 Ang maluwalhating Ebanghelyong ito ay iprinopesiya ng mga propeta ng Lumang Tipan. Tumugaygay Ito sa mga kapanahunan. Narito Ito sa gabing ito. Ito'y pinagtibay mismo ng Diyos. Lumaganap Ito sa buong mundo. Sinusubukan nilang puksain Ito.

155 Pero, subukan n'yo ngang apulahin ang apoy sa panahon na mahangin, at sa—at sa tuyong kahoy sa tabi nun. Aba, di mo magagawa. Kung mas pagpipilitan mong apulahin 'yun, mas maraming hangin ang naiihip mo dun; mas maraming hangin ang naibibigay mo dun, mas lalo 'yung masusunog. Ganoon nga 'yun.

156 Yung munti naming apoy na ginagawa, sa pamumundok namin, kapag ako ang nakatoka na gumawa ng apoy nang madaling araw. Lumalabas nga ako roon at magpapatong ng ilang patpat dun; uusok 'yun. Alam ko, na kapag may munting usok na, may apoy na 'yun sa kung saan. Ang tanging bagay na gagawin ko ay kunin ang sumbrero ko at paypayan 'yun, at lalaki na ang apoy nun.

157 Yun ang kailangan ng Iglesya ngayon, isang pamamaypay muli ng humahagibis na malakas na Hangin gaya ng dumating noon nung Araw ng Pentecostes, para paypayan Ito pabalik sa Pananampalataya muli, para tanggapin ang Panginoong Jesus Cristo sa Kanyang pagbabalik sa Kaluwalhatian.

158 Masdan n'yo ang mga tanda, mga kababalaghan, mga di-maipaliwanag na bagay na nangyayari. "Mga lindol sa iba't ibang lugar; malalaking alon na wumawasak sa pampang," gaya ng sinabi ni Jesus na mangyayari, "ang puso ng mga tao'y manlulupaypay; sa takot."

159 Takot, "Oh, sino kaya ang maghuhulog ng unang bombang cobalt? Ano kayang mangyayari? Ilang oras lang ay malilipol mismo ang buong mundo." Haya't, naroon na tayo sa Presensya ng Diyos bago mahulog ang isa nun mula sa eroplano. Ganoon nga. Anong mangyayari? Wala ng iba't, huhubarin natin . . .

Huhubarin natin ang lumang balabal na ito ng laman, at babangon
At tatanggapin ang gantimpala na walang hanggan,
At sisigaw, habang pumapailanlang lampas sa papawirin,
"Paalam, paalam, matimyas na oras ng panalangin!"

160 Matatapos ang lahat, at uuwi na tayo sa Tahanan. Iiwan ang lumang katawan na ito; ipapalit sa isang putong at isang balabal, sa ibayo, na di kailanman kumukupas. Manunumbalik mula sa pagiging matandang lalaki, matandang babae, tungo sa kabataan, para mabuhay nang magpakailan-kailanpaman, magliliwanag nang husto; at sa walang kamatayan, ay lalakad nang paroo't parito sa mga lansangan ng Kaluwalhatian, sa Presensya ng Panginoong Jesus Cristo. Aawit, "Maluwalhati ang Diyos sa Kataasan! Gumawa Siya ng dakilang mga bagay sa ating kalagitnaan."

161 Habang nandito pa tayo sa paglalakbay ngayon, na ang Kapangyarihan ng Diyos ay nagpapatibay ng lahat sa bawat sulok, tumingin tayo sa paligid at tingnan kung nasaan na tayo. Tingnan n'yo ang puno ng igos na nagsusupling na ng usbong. Tingnan n'yo ang ibang punongkahoy na nag-uusbong. Tingnan n'yo ang mga bansa na nag-uusbong. Tingnan n'yo ang Iglesya ng Espiritu Santo na nag-uusbong. Tingnan n'yo ang Pentecostes na nauulit, nanunumbalik, sa siya ring mga tanda at mga kababalaghan. Hallelujah!

Manalangin tayo.

162 Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin ngayong gabi, para sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, para sa Kanyang dakilang sukdulang pagka-Siya, para sa Kanyang pagpapahid ng Espiritu Santo. Kami po'y

nagpapasalamat sa Iyo dahil Siya ay narito ngayon, na isang buhay, na nabubuhay kailanman, na namamagitan sa aming pagpapahayag. Pinasasalamatan Ka namin para sa Kanyang Kapangyarihan na nagpapagaling na dumagit sa amin bilang mga sulo ng apoy, Panginoon, hinango kami mula sa libingan, ibinangon kami at pinanauli ang aming kalakasan, at kami'y pinagkalooban ng Kapangyarihan, nang sa gayon makahayo kami at magliwanag dito sa kadiliman na ito. Pinasasalamatan Ka po namin para rito.

163 Ama, dalangin namin na pagpapalain Mo ang bawat isa na di-ligtas. Pagpalain Mo ang lahat na mga ligtas. Iyo pong ipagkaloob, Ama. Pagalingin Mo po ang lahat ng maysakit; magkamit Ka ng kaluwalhatian. Pagpalain Mo po ang munting tabernakulo na ito. Pagpalain Mo po ang mga tao. Pagpalain Mo si Kapatid na Neville, ang pastor. Pagpalain ang lahat na mga diyakono, mga katiwala. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon. Ipatong Mo ang Iyong nagpapagaling na kamay sa kanila. At kung dumating man ang diyablo at magdudulot ng kaunting diperensya, pagalingin Mo po ito, Panginoon, agad-agad, gamit ang Balsamo ng Gilead. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyong ibuhos ang pamahid na langis sa kanila. Ibunsod Mo na maging mapagpakumbaba sila sa puso, matimyas sa kaluluwa. Nawa'y lumakad sila sa yapak ng Panginoong Jesus. May pisikal man na bagay na mangyari sa kanila, at magkasakit sila, nawa'y ang Anghel ng Diyos ay tatayo sa malapit, ipapahid ang Dugo ni Jesus. Iyo pong ipagkaloob. Pagalingin Mo po ang lahat ng karamdaman.

164 Tulungan Mo po ako, Panginoon, sa pagpunta ko sa mga dako ng pagmimisyon, yamang nakikita itong matinding mga pangangailangan. Grabe po ang pangangailangan sa panahon ngayon! Milyun-milyon ang namamatay na lang. Sandaan at apatnapu't apat na libong mga walang Diyos ang namatay sa araw na ito, nang di man lang nakikilala si Cristo. Iyo pong tulungan ako, Minamahal na Diyos. Iyo pong pagpalain kaming lahat, na sama-sama.

165 At balang araw, ay ibabangon Mo kami mula sa lupa na ito, patungo sa ibayo, Panginoon, para maupo kasama Mo sa Iyong luklukan, sa Makalangit na mga dako sa ibayo, kay Cristo Jesus. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Hanggang sa oras na 'yun, nawa'y ang mabuting kalusugan at kalakasan ay mapasa amin, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

> Oh, I want to see Him, I want to look upon His
> face,
> There to sing forever of His saving grace;
> On the streets of Glory let me lift my voice;
> Cares all past, Home at last, ever to rejoice.
>
> As I travel through this land, singing as I go,

Pointing souls to Calvary, to the crimson flow,
Many arrows pierce my soul from without, within;
But my Lord leads me on, through Him I must win.

Oh, I want to see Him, look upon His face,
There to sing forever of His saving grace;
On the streets of Glory let me lift my voice;
Cares all past, Home at last, ever to rejoice.

166 Ngayon pakinggan n'yo, pansumandali. Ilan ang Methodist dito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Mga Methodist? Ilan ang mga Baptist dito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ilan ang Presbyterian dito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ilan ang mga Nazarene? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ilan ang mga Pentecostal? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ilan ang mga Lutheran? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Buweno, nandito tayong lahat. Tingnan n'yo po, isang malaking grupo nga, halo-halo tayo, nakaupo sa isang dako, sa Makalangit na mga dako, na nagbubunyi sa Pagpapala.

167 Ngayon gusto kong ang mga Methodist ay makipagkamay sa mga Baptist, ang mga Baptist sa mga Lutheran. Bumaling lang po kayo at makipagkamay sa isa't isa, at bumaling kayo rito, ngayon, habang inaawit natin ito.

Pointing souls to Calvary, to the crimson flow,
Many arrows pierce my soul from without, within;
But my Lord leads me on, through Him I must win.

Oh, I want to see Him, look upon His face,
There to sing forever of His saving grace;
On the streets of Glory let me lift my voice;
Cares all past, home at last, ever to rejoice.

168 Di po ba't kay inam ng idinulot nitong pakiramdam sa inyo? Di po ba't idinudulot nito na ang pakiramdam n'yo ay lahat kayo. . .? Ilan ang mga Cristiano rito? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Lahat ng sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, itaas n'yo ang inyong kamay. Oh, grabe! Grabeng kahanga-hangang bagay!

169 Ngayon habang naghihiwalay tayo, habang paalis na tayo, pauwi sa sari-sarili nating tahanan, tayo po'y manalangin na sama-sama. Ngayon awitin natin ang ating mainam, na lumang awit ng pagtatapos ng gawain. Ilan ang nakakaalam nito? *Take The Name Of Jesus With You*. Ang lahat ay sama-sama po, awitin natin.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,

Take It, everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet! (O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
(Yes, precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Pakinggan n'yo:

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
Oh, when our journey is complete.

Precious Name, O how sweet! (O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

170 Heto ang gusto kong gawin n'yo.

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every foe;
When temptations round you gather,
Breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, (Precious Name!) Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name!) Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

55-0109E Pasimula At Katapusan Ng Dispensasyong Gentil
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org